# Pagbabakuna para sa COVID-19 habang Nagbubuntis:
**(COVID-19 Immunization in Pregnancy:)**

## Ang kailangan ninyong malaman
**(What you need to know)**

### Ano ang mga panganib na maimpeksiyon ng COVID-19 kung ako ay buntis?

(What are the risks of being infected with COVID-19 if I'm pregnant?)

**Ang mga seryosong komplikasyon na nauugnay sa impeksiyon ng COVID-19 ay mas karaniwan kung kayo ay buntis kaysa sa kung kayo ay hindi buntis.**

**(Serious complications related to COVID-19 infection are more common if you're pregnant than if you're not pregnant.)**

- May ebidensya na kung kayo ay buntis at may COVID-19 mas mataas ang panganib na kayo ay maospital at magkaroon ng mga komplikasyon sa paghinga (baga) na nangangailangan ng pangangalaga sa intensive care unit (ICU).
- Kung kayo ay buntis at may COVID-19 malamang na mapaaga ang inyong panganganak. Ang inyong sanggol ay mas malamang na maospital sa neonatal care unit (NICU).
- Kung kayo ay buntis at may iba pang kondisyon sa kalusugan, gaya ng mataas na presyon ng dugo, diabetes, o sobrang katabaan, lalo pang mas mataas ang panganib na kayo ay magkasakit nang malubha mula sa COVID-19.

### Ligtas ba ang bakuna sa COVID-19 sa pagbubuntis?

(Is COVID-19 vaccine safe in pregnancy?)

**Ipinahihiwatig ng mga lumalabas na ebidensya na ligtas para sa inyo ang kumuha ng bakuna sa COVID-19**.

**(Emerging evidence suggests that it's safe for you to get the COVID-19 vaccine**.)

**Ang panganib na makakuha ng COVID-19 at magkaroon ng malubhang mga komplikasyon ay mas mataas kaysa sa panganib sa pagpapabakuna sa panahon ng pagbubuntis.**
**(The risk of getting COVID-19 and having serious complications is higher than the risk of being immunized during pregnancy.)**

- Pinakamabuting kumuha ng mRNA na bakuna sa COVID-19 kung kayo ay buntis o nagpaplanong magbuntis. Ipinapakita ng pananaliksik hanggang sa ngayon na ito ang pinakaligtas na uri ng bakuna sa COVID-19 na kukunin habang nagbubuntis.
- 
    - Wala sa mga awtorisadong bakuna sa COVID-19 na ginagamit sa Canada ang naglalaman ng buhay na virus na nagdudulot ng COVID-19. Hindi kayo magkakaroon ng COVID-19 dahil sa bakuna.
    - Ang pagturok ng mRNA sa isang tao ay hindi makakabago ng DNA ng selyula ng tao.
    - Matuto pa tungkol sa kung paano gumagana ang mga bakuna dito.

## Ano ang mga benepisyo ng pagkuha ng bakuna sa COVID-19?
**(What are the benefits of getting the COVID-19 vaccine?)**

- Epektibo ang mga bakuna sa COVID-19. Pinipigilan ng mga ito ang pagkakasakit at pinapababa ang posibilidad na magkasakit kayo nang malubha kung makuha man ninyo ang virus. Napapababa rin ng mga ito ang inyong posibilidad na magkaroon ng mga komplikasyon ng malubhang karamdaman, gaya ng panganganak nang wala sa oras.
- Mapapababa rin ng imunisasyon ang pagkalat ng virus sa ibang tao sa inyong bahay, kabilang ang mga bagong-silang na sanggol.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa eyhp@ahs.ca
May-ari ng Dokumento: Maternal Newborn Child & Youth Strategic Clinical Network Huling
Na-update: 05/04/2021 1000h
Inaprubahan ng ECC: 05/04/2021 1041h

Alberta Health Services

## Pagbalanse sa tama para sa inyo

**(Balancing what's right for you)**

Upang makatulong sa paggawa ng may-kabatirang pahintulot, subukang maunawaan ang kasingdami ng kaya ninyo tungkol sa COVID-19 at sa mga bakuna.

Kung mayroon kayong mga tanong, pag-usapan ninyo ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa mga magagamit na bakuna. Isaalang-alang ang **inyong** sitwasyon. Itanong sa inyong sarili ang mga katanungan na gaya ng:

- Ano ang inyong posibilidad na malantad sa virus ng COVID-19 sa trabaho, sa paaralan, sa inyong tahanan, at sa inyong komunidad?
- Halimbawa, nagtatrabaho ba kayo sa labas ng tahanan kung saan nakikisalamuha kayo sa ibang tao? Ang inyong partner ba o sinumang miyembro ng inyong sambahayan ay nagtatrabaho sa labas ng inyong tahanan kung saan nakikisalamuha sila sa ibang tao? Marami bang nakatira sa inyong tahanan?
- Mayroon ba kayong mga medikal na kondisyon o iba pang panganib na maaaring maging dahilan para magkasakit kayo nang malubha kung magkaroon kayo ng COVID-19? Kabilang sa mga ito ang pagiging sobrang mataba, pagkakaroon ng diabetes, mataas na presyon ng dugo, hika, o mahinang sistema ng katawan na panlaban sa sakit dahil sa karamdaman o paggamot.
- Kaya ba ninyong magtrabaho mula sa tahanan hanggang sa katapusan ng inyong pagbubuntis upang mapababa ang inyong panganib na magkaroon ng COVID-19?

Pagkatapos makuha ang bakuna sa COVID-19, patuloy na sundin ang mga alituntunin sa public healthupang kayo, ang inyong sanggol at ang iba pa ay manatiling ligtas.

### Ano ang dapat kong asahan sa bakuna sa COVID-19?

(What should I expect with a COVID-19 vaccine?)

Sinumang kumukuha ng bakuna sa COVID-19 ay maaaring magkaroon ng ilang side effect. Kausapin ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga side effect at kung paano pangasiwaan ang mga ito.

Alamin ang higit pa tungkol sa mga side effect ng bakuna dito.

### Kailan ko dapat kunin ang bakuna sa COVID-19?

(When should I get the COVID-19 vaccine?)

**Sinumang buntis ay maaari na ngayong kumuha ng bakuna sa COVID-19.**

**(Anyone who is pregnant can now get a COVID-19 vaccine.)**

- Gamitin ang online booking tool (ahs.ca/covidvaccine), tumawag sa isang botika, o tumawag sa 811 upang i-book ang inyong appointment para sa pagbabakuna para sa COVID-19.
- Maaari ninyong kunin ang bakuna sa COVID-19 sa anumang oras habang nagbubuntis.
- Walang nalalamang panganib sa pagkuha ng bakuna sa COVID-19 habang nagpapasuso.
- Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagkuha ng imunisasyon, kausapin ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, ngunit hindi ito kinakailangan para matanggap ang bakuna.
- Kausapin ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung gaano katagal maghihintay sa pagitan ng mga dosis ng bakuna sa COVID-19 at iba pang bakuna, gaya ng dTap, na ibinibigay sa panahon ng pagbubuntis.

**Alamin ang higit pa tungkol sa mga bakuna sa COVID-19 dito (ahs.ca/covidvaccine).**

**(Learn more about the COVID-19 vaccines here (ahs.ca/covidvaccine).)**